KLIYENTE/AWTORISADONG KINATAWAN

Pagpaparehistro sa Web Portal ng DirectMyCare

PAANO MAGPAREHISTRO

1. Buksan ang iyong internet browser. Inirerekomenda ng CDWA ang paggamit ng Google Chrome.

2. Pumunta sa DirectMyCare.com

3. Piliin ang button na **Register (Magparehistro)** upang buksan ang page sa pagpaparehistro. (Fig. 01)



Fig. 01

4. Ilagay ang iyong email address at piliin ang **Send Verification Code (Magpadala ng Code sa Pag-verify)**. (Fig. 02)



Fig. 02

5. **Magbukas ng bagong browser window** at tingnan ang iyong email para sa code sa pag-verify. (Fig. 03)
**Kung naisara mo ang screen sa pagpaparehistro, kakailanganin mong makipag-ugnayan sa CDWA upang ma-reset ang iyong pagpaparehistro.*

6. **Bumalik sa page sa pagpaparehistro** at ilagay sa kahon para sa pag-verify ang code na mula sa iyong email. (Fig. 04)
   - Piliin ang **Verify Code (I-verify ang Code)**.

   Kung kakailanganin ang isang bagong code sa pag-verify, i-click ang "Send new code (Magpadala ng bagong code)**."*



Fig. 03



Fig. 04

20221115

ipinagpapatuloy sa sumunod na pahina

7. Gumawa ng password.
8. I-type muli ang parehong password.
9. Ilagay ang iyong pangalan, gitnang pangalan, at apelyido sa mga kahon.
10. Piliin ang Participant, kung ikaw ang Kliyente, o ang Authorized Representative.
11. Piliin ang Washington para sa estado kung saan ibinibigay ang serbisyo.
12. Ilagay ang iyong numero ng telepono.
13. Ilagay ang iyong petsa ng kapanganakan bilang MM/DD/YYYY.
14. Ilagay ang huling apat na digit ng iyong Social Security Number.
15. Piliin ang **Create (Gawin)** para tapusin ang proseso ng pagpaparehistro.



Fig. 05

Pagkatapos piliin ang Create, kung nakikita mo ang mensahe sa Fig. 06, mangyaring makipag-ugnayan sa CDWA para makumpleto ang iyong pagpaparehistro.

Telepono: 866.214.9899
Email: infoCDWA@consumerdirectcare.com



Fig. 06